Pagsasabatas para sa

Pagbabantay ng Pambansang Seguridad

Espesyal na Administratibong Rehiyon ng Hong Kong

Nilalaman

Kapitulo I 8

Pangangailangan at mahigpit na pangailangan

Kapitulo II 14

Pagiging Ayon sa Batas ng Pambansang Batas sa Kaligtasaan

Kapitulo III 20

Pagpapanatili ng “Isang Bansa, Dalawang Sistema” para sa Pangmatagalan nating Estabilidad

Kapitulo IV 24

Pangangalaga sa mga Karapatan at Kalayaang Ayon sa Batas

Kapitulo V 30

Pananaig ng Batas at Kalayaang Panghukuman

Kapitulo VI 38

Matibay na Suporta mula sa Iba’t-ibang Sektor Ng Pamayanan ng Hong Kong para sa Pambansang Batas Pangseguridad

Ang isinaling bersyon ay para sa pagsangguni lamang.

Kung magkakaroon ng hindi pagkakatugma sa pagitan ng isinalin na bersyon at ng Ingles na bersyon, ang Ingles na bersyon ang susundin.

“ Ang pagtaguyod at pagpapatupad ng prinsipyo ng “Isang Bansa, Dalawang Sistema” ay tumutugon ang interes ng mga mamamayan ng Hong Kong, tumutugon sa mga pangangailangan ng pagpapanatili ng kasaganahan at estabilidad ng Hong Kong, nagsisilbing pangunahing interes ng bansa, at tumutugon sa magkakatulad na adhikain ng lahat ng mga Tsino. Ito ang dahilan kung bakit nilinaw kong matapat na ipapatupad ng Sentral na Pamahalaan ang patakarang “Isang Bansa, Dalawang Sistema” at titiyaking ipapatupad ito sa Hong Kong nang hindi binabaluktot. ”

Pahayag ng Kanyang Kamahalan Xi Jinping, Pangulo ng Republikang Bayan ng Tsina sa Panimulang Seremonya ng Ikalimang Terrmino ng Pamahalaan ng Espesyal na Administratibong Rehiyon ng Hong Kong (HKSAR) na ginanap noong ika-1 ng Hulyo 2017.


年大會暨香港特別行政

Mga Bentaha ng Hong Kong sa ilalim ng "Isang Bansa, Dalawang Sistema" :

- Pananaig ng Batas
- Kalayaan ng Hudikatura
- Malinis na pamahalaan
- Mababang antas ng krimen
- Pandaigdigang sentro ng pananalapi
- Sentro ng negosyo at paglipad

“ Ang anumang tangkang ilagay sa panganib ang kasarinlan at seguridad ng Tsina, hamunin ang kapangyarihan ng Sentral na Pamahalaan at ang kapangyarihan ng Pangunahing Batas ng HKSAR o gamitin ang Hong Kong upang magsagawa ng paglusot at pagsabotahe laban sa Tsina ay isang aktong lagpas sa hangganan, at lubos na hindi pahihintulutan. ”

Pahayag ng Kanyang Kamahalan Xi Jinping,
Pangulo ng Republikang Bayan ng Tsina sa Panimulang Seremonya ng Ikalimang Terrmino ng Pamahalaan ng HKSAR na ginanap noong ika-1 ng Hulyo 2017



Kapitulo I

Pangangailangan at mahigpit na pangailangan

香港的真相
The Truth About Hong Kong

- May mga batas at tungkulin ang bawat bansa upang pangalagaan ang kanyang pambansang seguridad at kasarinlan.
- Humaharap tayo sa tumitinding banta sa pambansang seguridad sa HKSAR simula noong Hunyo 2019, na makasamang karahasan mula sa mga mangugulo na patuloy na tumitindi.
- Lantarang hinamon ng mga puwersa ng oposisyon at organisasyong nagtataguyod ng “kalayaan ng HongKong”, “pagsasarili” at “reperendo” ang kapangyarihan ng Sentral na Kinauukulan at Pamahalaan ng HKSAR.
- Tumindi ang pangingialam ng mga panlabas na elemento sa panloob na usapin ng HKSAR.
- Nalagay sa matinding panganib ang kasarinlan, seguridad at mga interes na pangkaunlaran ng ating bansa, at dahil diyan, walang magagawa ang Sentral na Kinauukulan kundi makialam at kumilos.

國家安全法
National Security Law
保一國兩制 選香港穩定
Preserve One Country, Two Systems
Restore Stability

- Kailangan ang Pambansang Batas Pangseguridad (NSL) upang pigilan ang apat na uri ng aktong kriminal, ito ang akto ng sesesyon, subersiyon ng kapangyarihan ng Estado, pag-oorganisa at pagsasagawa ng mga gawain ng terorista, at pakikipagsabwatan sa isang banyagang bansa o sa mga panlabas na elemento upang ipahamak pambansang seguridad.

- Kayang baliktarin agad ng NSL ang magulong sitwasyon ng nakaraang taon at ibalik ang estabilidad sa HKSAR, nang sa gayon ay mapabuti ang kalagayan sa negosyo at pamumuhunan sa lungsod.

中華人民共和國香港特別行政區
HONG KONG

Kapitulo II

Pagiging Ayon sa Batas ng Pambansang Batas Pangseguridad

- Naaayon sa Saligang-Batas ang NSL: bilang pinakamaataas na organismo ng kapangyarihan ng Estado, ginamit ng Pambansang Kongresong Bayan (NPC) ang kapangyarihang binigay sa kanya ng Saligang-Batas (ibig sabihin, isang batayang naayon sa Saligang-Batas nang walang alinlangan).

- Nakasaad sa Artikulo 18(3) ng Pangunahing Batas ng HKSAR na maaaring magdagdag ang Permanenteng Komite ng NPC (NPCSC) ng mga pambansang batas sa tala ng mga batas sa Karugtong III ng Pangunahing Batas. Maaaring magdagdag ang NPCSC sa Karugtong III ng mga pambansang batas na kaugnay ng tanggulan at ugnayang panlabas at iba pang usaping nasa labas ng awtonomiya ng HKSAR, at ipatupad sila sa Hong Kong.

- Naaayon ang pangangalaga sa pambansang seguridad sa pamamagitan ng paggawa ng batas sa pandaigdigang kaugalian, tandaang nagpapasa rin ang mga Kanluraning bansa ng maraming batas upang pangalagaan ang pambansang seguridad at nagtatatag ng mga kaugnay na organismong nagpapasya at nagpapatupad.

- Matatagpuan ang mga pagkakasalang katulad ng apat na uri ng pagkakasala sa ilalim ng NSL sa mga Kanluraning Bansa.

- Mas mahigpit pa nga ang ilan sa kanilang mga parusa, kasama na ang parusang kamatayan para sa mga pagkakasalang kaugnay ng terorismo, habang may epekto rin ang ilan sa kanilang pagkakasala sa labas ng kanilang teritoryo.

THE CONSTITUTION
OF THE PEOPLE'S REPUBLIC OF CHINA
THE BASIC LAW
OF THE HONG KONG
SPECIAL ADMINISTRATIVE REGION
OF THE PEOPLE'S REPUBLIC OF CHINA
中華人民共和國憲法
中華人民共和國
香港特別行政區基本法
中華人民共和國香港特別行政區
維護國家安全法
The Law of the People's Republic of China on
Safeguarding National Security in
the Hong Kong Special Administrative Region
2020年7月版本
July 2020 edition

國家安全
HONG KONG
護我
Uphold National Security
Safeguard C
全民國家安全教
NATIONAL SECURITY EDUCATI

Kapitulo III

Pagpapanatili ng "Isang Bansa, Dalawang Sistema" para sa Pangmatagalan nating Estabilidad

- Pangunahing tungkulin ng Pamahalaan ng HKSAR ang pagpapatupad ng NSL. Maliban sa bihirang tukoy na kaso, gagamitin ng HKSAR ang kanyang hurisdiksyon sa mga pagkakasalang nasa ilalim ng Batas.

- Pinamumunuan ng Punong Ehekutibo ng HKSAR ang Komite para sa Pangangalaga sa Pambansang Seguridad ng HKSAR, na may pangunahing pananagutan sa pangangalaga ng pambansang seguridad sa HKSAR.

中華人民共和國
中央人民政府駐香港特別行政區
維護國家安全公署
OFFICE FOR SAFEGUARDING NATIONAL SECURITY
OF THE CENTRAL PEOPLE'S GOVERNMENT OF THE PEOPLE'S REPUBLIC OF CHINA
IN THE HONG KONG SPECIAL ADMINISTRATIVE REGION

- Pinasa ang NSL upang tiyakin ang matatag, buo at tapat na pagpapatupad ng patakarang “Isang Bansa, Dalawang Sistema”. Sa ilalim nito, pinangangasiwaan ng mga mamamayan ng Hong Kong ang Hong Kong nang may mataas na antas ng awtonomiya..

- Hindi maaapektuhan ng ehekutibo, lehislatibo at malayang kapangyarihang hudisyal, kasama na ang huling paghusga, ng HKSAR.

- May hurisdiksyon lang ang Tanggapan para sa Pangangalaga sa Pambansang Seguridad ng Sentral na Pamahalaang Bayan (CPG) sa HKSAR sa ilalim ng tukoy na sitwasyon ayon sa NSL.

國家安全
National Security
中華人民共和國香港特別行政區
Hong Kong Special Administrative Region
of the People's Republic of China

Kapitulo IV

Pangangalaga sa Mga Karapatan at Kalayaang Ayon sa Batas

- Malinaw na nakasaad sa NSL na pangangalagaan ng HKSAR ang mga Karapatan a kalayaan, kasama na ang kalayaan sa pananalita, sa pamamahayag, sa paglilimbag, sa pakikisama, sa pagtitipon, sa pagpaparada at sa pagwewelga, na tinatamasa ng mga mamamayan nito sa ilalim ng Pangunahing Batas at mga probisyon ng Pandaigdigang Kasunduan tungkol sa Mga Karapatang Sibil at Politikal at Pandaigdigang Kasunduan tungkol sa Mga Karapatang Ekonomiko, Panlipunan at Kultural katulad ng ipinapatupad sa Hong Kong ayon sa batas.

- Hindi maaapektuhan ng NSL ang mga lehitimong karapatan ng mga mamamayan ng Hong Kong na gamitin ang karapatan nilang magsalita, kasama na ang batikusin ang mga patakaran ng pamahalaan o mg patakaran at pasya ng mga opisyal.

Telex
Telex
SONY
Canon

- Bilang isang lungsod na maraming tao mula sa iba't-ibang bansa, madalas ang pakikipagpalitan at malapit ang pakikipag-ugnayan ng Hong Kong sa ibang mga bansa, rehiyon at kaugnay na pandaigdigang organisasyon. Pinapangalagaan ng Pangunahing Batas at ng mga batas ng HKSAR ang lahat ng mga gawain ng pakikipagpalitan na ito.

- Ang pagdalaw sa ibang bansa upang pag-usapan ang sitwasyon sa Hong Kong, paghayag ng opinyon tungkol sa lungsod at pakikipagpalitan ng impormasyon ay mga normal na gawaing hindi pinaghihigpitan ng NSL.

.

Marina Bay Sands
Integrated Resort
Architectural Design
Excellence

Kapitulo V

Pananaig ng Batas at Kalayaang Hudisyal

司法機構
JUDICIARY
終審法院
THE COURT OF FIN
昃臣道8號
8 JACKSON ROAD

- Hindi papanghinain o papalitan ng pagtatag ng legal na balangkas upang pangalagaan ang pambansang seguridad ang kasalukuyang legal na sistema ng Hong Kong, at pinangangalagaan ng Pangunahing Batas ang ating sistemang hudisyal.

- Malinaw na nakasaad sa NSL na dapat sundin ang mga mahahalagang prinsipyo ng pananaig ng batas, kasama na ang pagkakahatol at parusa ayon sa batas, pagturing na walang sala, non bis in idem, at pangangalaga sa karapatang ipagtanggol ang sarili at iba pang karapatan sa hudisyal na paglilitis na karapatang matanggap ng isang pinaghihinalang may sala, nasasakdal at iba pang panig sa mga hudisyal na paglilitis sa ilalim ng batas.

- Walang epekto ng panunumbalik: may bisa lamang ang NSL sa mga gawaing ginawa pagkatapos nitong simulang ipatupad.

香港法例
LAWS OF HONG KONG

- Isasagawa ang paglilitis sa bukas na hukuman, at sa mga sitwasyon lamang kung saan may kinalaman ang paglilitis sa mga lihim ng Estado o kaayusang pampubliko at hindi naaangkop ang isang bukas na paglilitis itatago ang lahat o bahagi ng paglilitis sa media at publiko. Ngunit, palaging ihahatid ang hatol sa isang bukas na hukuman.

- Nakasaad din sa Artikulo 45 ng NSL na hahawakan ang mga kaso ng pambansang seguridad sa ilalim ng hurisdiksyon ng HKSAR ayon sa kasalukuyang hudisyal na pamamaraan.

ERECTED·A·D·MDCCCCX

- Hindi maapektuhan ng pagtalaga ng partikular na hukom upang hawakan ang mga kaso ng pambansang seguridad ang kalayaang hudisyal: karaniwan sa Hong Kong o ibang rehiyon na magtalaga ng mga partikukar na hukom upang hawakan ang isang partikular na uri ng mga kaso.

- May hurisdiksyon ang HKSAR sa halos lahat ng mga kaso. Malinaw na nakasaad sa NSL ang mga natatanging sitwasyon kung saan gagamitin ng Tanggapan para sa Pangangalaga sa Pambansang Seguridad ng CPG sa HKSAR ang kanyang hurisdiksyon; maaari lamang gamitin ng Tanggapan ang kanyang hurisdiksyon sa isang kaso kung inaprubahan ng CPG ang pakiusap ng Pamahalaan ng HKSAR o ng mismong Tanggapan.

AIA-AIA
HSBC

Kapitulo VI

Matibay na Suporta mula sa Iba't-Ibang Sektor Ng Pamayanan ng Hong Kong sa Pambansang Batas Pangseguridad

“ Sa kabila ng tumitinding tensyon sa lipunan sa mga nagdaang taon, nananatili akong umaasang, kapag buo ang paniniwala sa “Isang Bansa, Dalawang Sistema” at naipatupad ang pagsasabatas ng pambansang seguridad, malalagpasan ng Hong Kong ang unos sa politika na nagsimula noong Hunyo at lalabas na mas malakas at may nanumbalik na estabilidad. ”

mensahe sa bidyo ng Punong Ehekutibo ng HKSAR, Gng. Carrie Lamsa pagpupulong ng Konseho ng Karapatang Pantao ng Nagkakaisang Bansa (ika-30 ng Hunyo 2020).

“ Bilang mga naninirahan sa Hong Kong, tinatamasa natin ang pangangalagang binibigay ng Estado, at bilang kapalit mayroon tayong katumbas ng tungkuling pangalagaan ang Estado sa pamamagitan ng pagsuporta sa pagpapakilala ng batas na nagbabawal sa mga gawaing kriminal na nagbabanta sa pagkakaroon ng Estado. Samakatuwid, sinusuportahan namin ang mga pambansang batas pangseguridad na may bisa sa ilalim ng prinsipyong“Isang Bansa, Dalawang Sistema,” upang higit na matiyak na mapagpapatuloy ng mga unibersidad na lumikha ng karunungaan sa pamamagitan ng pananaliksik at pagkatuto. ”

Mga Pangulo ng mga Konseho ng mga Unibersidad na Pinopondohan ng Komite ng mga Pamigay (Grants) sa mga Unibersidad

---

“ Ang Hong Kong ay bahagi ng Tsina. Ang mga panloob na usapin ng Hong Kong ay mga panloob na usapin ng Tsina. Tiyak na matutulungan ng maagap na pagkilos ng Sentral na Kinauukulan upang mapasa ang Pambansang Batas Pangseguridad na ibalik ang lipunan ng Hong Kong sa tama nitong daan. ”

G. CHENG Huan, SC

“ ..... pipigilan nito ang mga hawaing kahawig ng terorismo, ibabalik nito ang kapayapaan, at lilikha ng mga trabaho. Ipinapatupad ang Pandaigdigang Kasunduan sa mga Karapatang Sibil at Politikal sa Hong Kong, at patuloy na buong makikinabang ang ating mga mamamayan sa mga karapatang tinitiyak nito. Nakasalig ang paraan nila ng pamumuhay sa isang malayang hudikatura at legal na sistemang pandaigdigan ang antas ..... ”

G. Ian Grenville CROSS, SBS, SC
Dating Direktor ng Pampublikong Pag-uusig

“ Maaaring tingnaan ang Pambansang Batas Pangseguridad bilang isang “bagong kontratang panlipunan”- tungkol sa ugnayan ng Pamahalaan at ng mga mamamayan – na isinulong ng Sentral na Kinauukulan upang tiyakin ang matagumpay at patuloy na pagpapatupad ng “Isang Bansa, Dalawang Sistema”. Nagbibigay ito ng malinaw na ligal na pagbabalangkas ng “hangganan” para sa bahaging “Isang Bansa” ng “Isang Bansa, Dalawang Sistema”. Hindi nito Tinatapakan sa anumang paraan ang dignidad ng mga mamamayan ng Hong Kong. ”

Propesor Albert CHEN Hung-yee, SBS, JP
Kagawaran ng Batas, Unibersidad ng Hong Kong

“ Ganap na hindi maapektuhan ang mga normal na operasyon ng mga negosyong komersyal at industriyal pagkatapos ipasa ang
Pambansang Batas Pangseguridad. Pinaniniwalaang dahil malinaw nakasaad ang mga detalye para sa mga aspekto katulad ng pagpapatupad ng batas, pag-uusig, paglilitis at parusa sa mga probisyon, dapat itong makatulong na pahupain ang kasalukuyang sitwasyon, at pangalagaan ang kalagayang pangnegosyo ng Hong Kong at palakasin ang tiwala ng mga lokal at banyagang mamumuhunan nang pangmatagalan. ”

Dr Jonathan CHOI Koon-shum, GBS, JP
Pangulo, Pangkalahatang Kamara ng Komersyo ng mga Tsino

“Sa tulong ng Pambansang Batas Pangseguridad, maibabalik ng lipunan ang kapayapaan at kaayusan, matutulungan ang mga lokal at banyagang mamumuhunang palakasin ang kanilang tiwala sa pagnenegosyo sa Hong Kong, sa pangmatagalan, palalakasin ang batayan ng “Isang Bansa, Dalawang Sistema”.”

Dr Dennis NG Wang-pun, BBS, MH
Pangulo, Samahan ng mga Pabrikanteng Tsino ng Hong Kong

“Sinusuportahan ng halos buong sektor ng pagmamanupaktura ang Pambansang Batas Pangseguridad at naniniwalang pahuhupain ng batas ang kalagayang pangnegosyo. Noon, nagpasya ang maraming banyagang mamumuhunan na ipagpaliban o itigil ang pagtatag ng kanilang rehiyonal na punong-himpilan sa Hong Kong dahil sa kawalan ng estabilidad sa ating lipunan, at sa halip, binalak nilang tumuklas ng mga merkado sa Tsina at Timog-Silangang Asya. Pinaniniwalaang kung makakamit natin ang estabilidad na panglipunan, babalik ang mga banyagang mamumuhunan sa Hong Kong at magdadala ng higit na maraming pakinabang kaysa sa kawalan para sa Hong Kong sa pangmatagalan. Hindi rin magbabago ang pangkalahatang ekonomikong estado ng Hong Kong.”

Dr Daniel YIP Chung-yin
Pangulo, Pederasyon ng mga Industriya ng Hong Kong

“Umaasa ang mga sektor na industriyal at komersyal na mapipigilan ng pagpapatupad ng Pambansang Batas Pangseguridad ang karahasan at matutulungan nitong matayo muli mga maliliit at katamtamang negosyo. Dahil sa malayang sistema ng kalakalan, mababang buwis, matinding sistema ng pananalapi at ligal na pangangalaga sa mga ari-arian sa Hong Kong, hindi nanaisin ng maraming banyagang kompanyang may punong-himpilan sa Asya-Pasipiko na iwan ang isang magandang lugar.”

Dr Eddy LI Sau-hung, GBS, JP
Pangulo, Samahang Ekonomiko at Pangkalakalan ng Hong Kong

“ Bilang bahagi ng Tsina, tiyak na makikinabang ang Hong Kong sa malaki nitong merkado na may 1.4 bilyong katao. Ang biglaang paglitaw ng mga listahan sa stock exchange ng lungsod kumakailan lamang ay tanda ng tiwala. ”

Dr. ang Kagalang-galang na Allan ZEMAN, GBM, GBS, JP
Pangulo, Grupong Lan Kwai Fong

“ Patuloy na ipapatupad ang mga parehong patakaran at regulasyong pinangangasiwaan ng Kinauukulang Pangsalapi ng Hong Kong bago ang pagpapakilala ng Pambansang Batas Pangseguridad sa parehong paraan. Sa madaling salita, kikilos katulad ng dati ang mga patuloy na operasyon ng mga pinansyal na institusyon ng ating lungsod. ”

G. Eddie YUE Wai-man, JP
Punong Ehekutibo, Kinauukulang Pangsalapi ng Hong Kong

“ Dahil sa pagtugon ng Estados Unidos sa Pambansang Batas Pangseguridad sa pamamagitan ng parusa, tunay ngang humaharap ang Hong Kong sa higit na maraming pagsubok. Ngunit ito ang eksaktong panahon kung kailan nakakakita ang mundo ng tumitinding alitan kung kailan din nagiging at magiging mas mahalaga ang katayuan natin bilang tagapamagitan. Kung titingnan sa pandaigdigang antas, maganda ang hinaharap ng Hong Kong. Patuloy ang pagdating dito ng banyagang talento upang magnegosyo at bumuo ng karera, at nanatiling malakas at pursigido ang lokal na talento. ”

G. Laurence LI Lu-jen, SC, JP
Pangulo, Konseho ng Pagpapaunlad ng mga Serbisyong Pinansyal

“ Ang pagpasa ng Pambansang Batas Pangseguridad nang walang pagtutol ng Permanenteng Komite ng Pambansang Kongresong Bayan ay isang bagong simula para sa Hong Kong. Mahalaga ang estabilidad na panglipunan para sa pinansyal na pag-unlad at isang mahalagang linya ng depensa upang pangalagaan ang pinansyal na seguridad ng ating bansa at ng Hong Kong. Mapapabuti ng batas ang seguridad, mapapalakas ang pamumuhunan at mapapalakas ang tiwala ng mga namumuhunan. ”

G. Tim LUI Tim-leung, SBS, JP
Pangulo, Komisyon ng Securities at Futures

“ Huhubugin muli ng Pambansang Batas Pangseguridad ang Hong Kong bilang isang ligtas at estableng lipunang umaakit ng patuloy na pagpasok ng banyagang pamumuhunan at mga propesyonal. Pinaniniwalaang susuportahan ng mga stakeholder at institusyon sa pinansyal na merkado ang batas. Dapat pakinabangan ng Hong Kong ang mga natatangi niyang bentaha sa ilalim ng prinsipyong “Isang Bansa, Dalawang Sistema” upang mapunan ang mga pangangailangan ng pangmatagalang pagunlad ng ating bansa. ”

Dr. ang Kagalang-galang na Moses CHENG Mo-chi, GBM, GBS, JP
Pangulo, Kinauukulan ng Seguro

“ Ang pinaghihigpitan ng Pambansang Batas Pangseguridad ay ang “kalayaan” ng isang napakaliit na bilang ng mga tao na ipahamak ang pambansang seguridad; ang pinangangalagaan nito ay, higit sa lahat, ang “kalayaan mula sa takot” para sa lahat ng mamamayan ng Hong Kong. Pinaniniwalaang kung titingnan ang mga kasong pinagninilayan ng hukuman, higit na maraming mamamayan ng Hong Kong ang higit na mapapanatag ang loob. Pinapakita ng probisyong nagsasaad na walang epekto ng panunumbalik (retrospective effect) ang Pambansang Batas Pangseguridad ang paggalang ng Sentral na Kinauukulan sa tradisyon ng common law ng Hong Kong. ”

Professor LAU Siu-kai, GBS, JP
Pangalawang Pangulo, Samahang Tsino ng mga Pag-aaral tungkol sa Hong Kong at Macau

“ Dahil sa hindi makakailang patunay ng banyagang tulong at panghihimasok, perpektong pagkakataon ito upang ipakita ang buong puwersa ng bagong Pambansang Batas Pangseguridad. ”

G. Tony Kwok Man-wai, SBS, IDS, JP
Adjunct Professor ng HKU Space at dating Kinatawang Komisyonado at Pinuno ng Operasyon ng ICAC

“ Simula ng ipatupad ang Pambansang Batas Pangseguridad, pakiramdam ng pamayanan ng Hong Kong sa kabuuan, kasama ang industriyal at komersyal na sektor at sektor ng inobasyon at teknolohiya, na kanais-nais nang lugar ang Hong Kong para sa paninirahan at trabaho. Nananatili ang tiwala ng maraming mamumuhunan at talento sa Hong Kong at walang tanda ng pagkaubos ng talino. ”

Dr. Lee George LAM, BBS
Pangulo, Hong Kong Cyberport Management Company Limited

“ Ang isang estableng lipunan ay kailangan sa pananaliksik at pagbuo o muling pagsasaindustriya. ”

Dr Sunny CHAI Ngai-chiu, BBS
Pangulo, Hong Kong Science and Technology Parks Corporation

“ Gawin nating halimbawa ang Macao. Hindi nakaapekto ang Pambansang Batas Pangseguridad sa kalayaan sa relihiyon. Patuloy na nagsasagawa ng pagsamba, pag-aaral ng Bibliya, pagpupulong ng pagdarasal, atbp. Ang Sheng Kung Hui. ”

Ang Pinakaginagalang na Dr. Paul KWONG, GBS
Hong Kong Sheng Kung Hui

“ Epektibong makalilika ang Pambansang Batas Pangseguridad ng estable at maayos na pamumuhunan, negosyo at lipunan, mapapangalagaan ang interes ng publiko, at mapapangalagaan ang estabilidad ng Hong Kong. Ang batas na ito ay isang mahalagang pundasyon para sa maayos at pangmatagalang matagumpay na pagpapatupad ng “Isang Bansa, Dalawang Sistema”, at isang saligan para sa maayos na pagyabong ng Budismo sa Hong Kong. ”

Monasteryong Po Lin ng Hong Kong

全國人大決定

強烈譴責美國政府訂立
《香港自治法案》
DAB condemns the US Government for enacting
The Hong Kong Autonomy Act

撐
國安立法
反港獨 反顛覆
反暴恐 反干預